

PIVOT^{4A} LEARNER'S MATERIAL

GRADE 2 - MTB-MLE



QUARTER 3

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na hindi maaaring magkaroon ng karapatang-ari sa anumang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayumpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anumang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anumang bahagi ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anumang paraan nang walang pahintulot ng Kagawaran.

Ang modyul na ito ay masusing sinuri at nirebisa ayon sa pamantayan ng DepEd Regional Office 4A at ng Curriculum and Learning Management Division CALABARZON. Ang bawat bahagi ay tiniyak na walang nilabag sa mga panuntunan na isinasaad ng Intellectual Property Rights (IPR) para sa karapatang pampagkatuto.

Mga Tagasuri

PIVOT 4A Learner's Material
Ikatlong Markahan
Ikalawang Edisyon, 2021

MTB-MLE

Ikalawang Baitang

Job S. Zape, Jr.
PIVOT 4A Instructional Design & Development Lead

Niña S. Torres & Maricris Brutas
Content Creators & Writers

Jaypee E. Lopo & Arnold O. Estareja
Internal Reviewers & Editors

Ephraim L. Gibas & Hiyasmin D. Capelo
Layout Artist & Illustrator

John Albert A. Rico & Melanie Mae N. Moreno
Graphic Artist & Cover Designer

Ephraim L. Gibas
IT & Logistics

Inilathala ng: Kagawaran ng Edukasyon Rehiyon 4A CALABARZON
Patnugot: **Francis Cesar B. Bringas**

PIVOT 4A CALABARZON MTB-MLE G2


Pagsulat ng Talatang Nagsasalaysay

Aralin



Natutuhan mo sa nakaraang markahan ang tungkol sa mga panghalip pamatlig, tayutay na simile, pagkuha ng impormasyon mula sa mapa, at iba pa.

Ngayon naman ay pag-aaralan mo ang mga elemento ng kuwento o isang salaysay. Ipaliliwanag sa iyo ang kahulugan ng tauhan, tagpuan at banghay. Tutukuyin mo ang mga ito sa tulong ng mga halimbawa na iyong mababasa.



Pagkatapos ng araling ito, inaasahang nakabubuo ka ng maikling talatang nagsasalaysay ng mga tauhan, tagpuan, at banghay ng mga pangyayari.

D

Bawat tao, bata man o matanda, ay natutuwa sa kuwento. Ganito rin ba ang pakiramdam mo? Maaari na ikaw ay sabik na nakikinig. Maaari ring ikaw mismo ang masiglang nagkukuwento.



Ang **kuwento** o salaysay ay isang paglalahad ng tunay o kathang pangyayari tungkol sa isang tao, bagay, pook, o pangyayari.

Ano-anong kuwento na ba ang nabasa o narinig mo? Kaya mo bang isalaysay ito sa paraang pasulat?

Upang magawa mo ito, kailangang maunawaan mo muna ang mga elemento ng isang kuwento. Pag-aaralan mo ang tatlo sa mga ito.

1. **Tauhan** - mga tao o hayop na gumaganap sa isang kuwento. Ang halimbawa nito ay si Tina. Natatandaan



mo pa ba kung sino siya? Si Tina, batang pitong taong gulang, ay masayahin. Tinutulungan niya ang kaniyang nanay sa pagtitinda ng kakanin. (mula sa EsPG2 Unang Markahan P. 19)

Mahalagang mabanggit mo sa iyong pagsasalaysay ang mga sumusunod:

- pangalan ng mga tauhan;
- katangian ng mga tauhan; at
- kilos na ginawa sa kuwento.

Sa halibawang ibinigay, nakasaad na ang pangalan ng tauhan ay si Tina. Ang mga katangiang binanggit ay: siya ay pitong taong gulang at masiyahin. Ang ginawa naman niya sa kuwento ay ang tumulong sa nanay sa pagtitinda ng kakanin.

2. **Tagpuan** - tumutukoy ito kung saan at kung kailan naganap ang kuwento.



Natatandaan mo pa rin ba ang kuwento ng Malinis na si Mal? Ayon sa nilalaman nito, madalas ang magkakapatid na sina Mal, Anna at

Kate sa may tabing-ilog noong wala pang COVID-19. Subalit nanatili na lamang sila sa loob ng bahay at doon maaaring maglaro. Isang araw, habang nag-aalmusal sa hapag-kainan ay ipinaliwanag ni Aleng Marilyn ang mga pagbabago sa nakagawian ng pamilya. Maaga na silang matulog sa gabi. (mula sa EsPG2 Unang Markahan P. 26)

Ang mga salitang may salungguhit sa naunang pahina ay nagpapahiwatig ng tagpuan.

3. **Banghay** - tumutukoy ito sa pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari o kaganapan sa kuwento. Mayroon itong limang bahagi:

- ①.Panimula
- ②.Saglit na kasiglahan
- ③.Kasukdulan
- ④.Kakalasan
- ⑤.Wakas



Naaalala mo pa ba ang kuwentong “Ang Tuntunin kina Anton”? ①. Nagsimula ito sa ingay na narinig. Ang mga nababasag na gamit sa bahay.

Sinundan ito ng nagagalit na nanay dahil sa makalat na bahay. Ito ang ②. saglit na kasiglahan. Dito nagsisimula ang mga suliranin sa kuwento.

③.Kasukdulan naman ang bahaging kapanapanabik. Dito nagaganap ang tagpong may pinakamasidhing damdamin. Nangyari ito nang makita ni Anton na umiiyak ang kaniyang nanay.

Sinundan ito nang pagbibigay mungkahi ni Anton na dapat magkaroon ng tuntunin sa bahay. Ito ang

④ kakalasan o tagpong nagkakaroon ng lunas o solusyon ang mga suliranin sa kuwento.

Naging maayos ang pagsasamahan ng pamilya. Wala nang nag-aaway at masaya na sila. Ito ang ⑤ wakas o katapusan ng kuwento. (mula sa EsPG2 Unang Markahan P. 32)

Upang higit mong maunawaan ang tatlong elemento, narito ang isa pang halimbawa na hango sa Awiting Bayan na “Ako ay May Lobo”:

Ang Lobo ni Jaypee

A. Estareja

Kahapon, matapos magsimba ay bumili ng lobo si Jaypee. Naubos niya ang perang baon at naipon niya. Nagastos niya rin pati ang perang pangmeryenda na ibinigay ng kaniyang nanay.

“Huwag na po ninyong itali sa braso ko,” pakiusap ni Jaypee sa nagtitinda. Nagbayad siya at kinuha na ito.

Dahil sa sobrang kasabikan at tuwa ay nabitawan niya ang lobo. Lumipad ito nang mabilis papaitaas.

Nanlambot si Jaypee. Naluluha siyang tumingala sa langit at pinagmasdan niya ang lumipad niyang lobo.

Naisip niyang nasayang ang pera. Ipinambili na lamang sana niya ito ng pagkain.



Gawain sa Pagkatuto Bilang 1: Tukuyin ang hinihingi ayon sa kuwentong binasa. Piliin ang letra ng tamang sagot. Isulat ito sa iyong sagutang papel.

1. Sino ang pangunahing tauhan o gumaganap sa kuwento?
A. Jayjay B. Jaypee C. Jaylo
2. Saan at kailan naganap ang kuwento, o ano ang tagpuan nito?
A. kahapon, sa may simbahan
B. sa bahay nina Jaypee, noong Pasko
C. noong unang panahon sa Lobo, Batangas
3. Saan galing ang perang ipinambili ni Jaypee?
A. sa ipon at baon niya
B. sa tatay niya
C. sa napulot niyang pera
4. Bakit nakawala ang lobo ni Jaypee?
A. inagaw ng isang bata
B. nabitawan niya
C. naputol ang tali
5. Ano ang nadama ni Jaypee nang makawala ang kaniyang lobo?
A. natuwa
B. nagulat
C. nanghinayang

Batang Matapat

Nitong Lunes, kagaya nang dati'y maagang pumasok sa paaralan si Mona. Nagtaka siya sa kaniyang nakita sa may pintuan. Pitaka iyon. Dinampot niya ito at binuksan.

Bigla siyang kinabahan. May lamang ilang perang papel at mga tatlo o apat na barya. Lalo siyang kinabahan.



"Tama ba na...o mas dapat na...? litong tanong niya sa sarili. Sa huli ay nagpasya siyang isauli ito sa tulong ng kaniyang guro.

Noong hapong iyon, ipinatawag si Mona sa opisina ng punongguro. "Magandang hapon po, Mam Elaine," bati niya sa nakangiting punongguro.

"Binabati kita sa iyong katapatan. Tunay na ikaw ay isang huwaran."

Gawain sa Pagkatuto Bilang 2: Isulat ang **TH** kung ito ay Tauhan, **TG** kung Tagpuan at **B** naman kung Banghay. Isulat ang sagot sa iyong sagutang papel.

_____ 1. Ipinatawag siya sa opisina ng punongguro.

_____ 2. si Mona

_____ 3. Nitong Lunes

_____ 4. Si Mam Elaine, ang punongguro

_____ 5. sa paaralan

E

Gawain sa Pagkatuto Bilang 3: Punan ng angkop na salita upang mabuo ang talatang muling nagsasalaysay ng kuwento ni Mona. Isulat ang letra ng sagot sa iyong kuwaderno.

Talatang Nagsasalaysay

Ang kuwento ay tungkol kay 1. (A. Mara; B. Mona), isang batang matapat. 2. (A. Lunes; B. Martes) nang may 2. (A. napulot; B. nahulog) siyang pitaka. May laman itong pera. Sa una ay nalito siya kung ano ang gagawin. Nagpasya siya na 3. (A. itago; B. isauli) ito. Nagpatulong siya sa kaniyang guro. Dahil dito, ipinatawag siya ni Ma'am 4. (A. Ella; B. Elaine), ang punongguro. Pinuri siya sa kabutihang kaniyang ginawa. Sinabihan siyang isang huwaran.

A

Natutuhan mo sa araling ito ang pagbuo ng talata gamit ang mga impormasyon mula sa k __ w __ n __ o.

Ilan sa mahahalagang elemento ng isang salaysay ay ang mga tauhan, tagpuan at banghay o mga pangyayari.




Angkop na Panahunan ng mga Salitang Kilos

Aralin

I

Natutuhan mo sa nakaraang aralin ang tungkol sa mga elemento ng kuwento tulad ng tauhan, tagpuan, at banghay. Nagamit mo ang mga kaalamang ito sa pagbuo ng talatang nagsasalaysay.

Ngayon naman ay pag-aaralan mo ang tungkol sa mga salitang kilos. Bibigyang kahulugan at halimbawa ang panahunan ng pandiwa sa tulong ng mga salitang nagpapahiwatig ng panahon.



Pagkatapos ng araling ito, inaasahang natutukoy at nagagamit mo ang mga salitang kilos ayon sa panahunang pangnagdaan, pangkasalukuyan at panghinaharap.

D


Bawat tao o batang katulad mo ay may kakayahang kumilos. Ano-ano ang kaya mong gawin o isakilos? Alam mo ba na pandiwa ang tawag sa mga salitang ito?



Ang **pandiwa** ay salitang nagpapahiwatig o nagpapakita ng kilos o galaw.

Ito ang nagbibigay-buhay sa pangungusap dahil nagsasaad ito ng kilos o galaw ng isang tao, hayop, o bagay.

Halimbawa:



Ang bata ay nanonood ng aralin.

Si Eddie ay naglalaro.



Sina Gelo at Les ay sumasayaw.

Ang mga salitang may salungguhit: nanonood, naglalaro at sumasayaw ay mga salitang kilos o galaw.

Nagbabago ang anyo ng mga salita ayon sa panahunan. Ito ay tumutukoy sa panahon kung kailan naganap o magaganap ang isang kilos.

Ang tatlong panahunan o aspekto ng pandiwa ay ang mga sumusunod:

1. **Pangnagdaan** - ginagamit ito kung naisagawa o natapos na ang kilos o aksiyon.

Halimbawa:

- Bumili kahapon ang nanay ko ng isda sa palengke.
- Nagpagupit si Cedric noong nakaraang Linggo.

2. **Pangkasalukuyan** - ginagamit ito kung ginagawa o nangyayari pa lamang ang kilos o aksiyon.

Halimbawa:

- Bumibili ngayon ang nanay ko ng isda sa palengke.
- Nagpapagupit si Cedric sa may labasan.

3. **Panghinaharap** - ginagamit ito kung gagawin o mangyayari pa lamang ang kilos o aksiyon.

Halimbawa:

- Bibili bukas ang nanay ko ng isda sa palengke.
- Magpapagupit si Cedric sa may labasan sa susunod na araw.

Suriin mo ang mga pagbabagong naganap sa mga salitang kilos:

Pangnagdaan	Pangkasalukuyan	Panghinaharap
Bumili	Bumibili	Bibili
Nagpagupit	Nagpapagupit	Magpapagupit

Mapapansin na nagkakaroon ng karagdagang mga letra na tinatawag na panlapi. Makikita ang mga ito na nakalimbag nang mas makapal.

Upang magamit mo ang tamang anyo ng pandiwa o salitang kilos, kailangan mong kunin ang salitang-ugat.



Halimbawa:

- bumibili

Salitang-ugat:

-bili

Mula rito ay magdaragdag ka ng **-um** sa loob ng salita. Ito ay magiging **bumili**. Naganap na ang kilos. **Bumibili** naman sa pangkasalukuyan at **Bibili** sa panghinaharap. Matututuhan mo pa ang mas malalim na pagpapaliwanag sa susunod na taon o baitang.

Napuna mo rin ba ang mga salitang binilugan sa nakaraang pahina? Ang mga salitang: kahapon, noong nakaraang Linggo, ngayon, bukas, at sa susunod na araw ay mga pananda. Makatutulong ang mga ito upang matukoy mo kung kailan naganap ang kilos.

Gawain sa Pagkatuto Bilang 1: Tukuyin ang mga salitang kilos sa bawat pangungusap. Piliin ang letra ng tamang sagot. Isulat ito sa iyong sagutang papel.

1. A. Naghugas ako ng pinggan B. kagabi.
2. A. Namamalengke si B. Nanay araw-araw.
3. A. Bukas ay B. mamamasyal kami sa parke.
4. A. Inayos ni Darren ang nasirang B. bakod.
5. A. Sasamahan ko mamaya si B. ate sa kaniyang silid.

Gawain sa Pagkatuto Bilang 2: Lagyan ng tsek (✓) kung ang may salungguhit ay salitang pananda ng panahunan. Lagyan naman ng ekis (X) kung hindi ito pananda. Gawin ito sa iyong sagutang papel.

- _____ 1. Naghugas ako ng pinggan kagabi.
- _____ 2. Namamalengke si Nanay araw-araw.
- _____ 3. Bukas ay mamamasyal kami sa parke.
- _____ 4. Inayos ni Darren ang nasirang bakod.
- _____ 5. Sasamahan ko mamaya si ate sa kaniyang silid.

Gawain sa Pagkatuto Bilang 3: Piliin ang tamang pandiwa sa loob ng panaklong. Isulat ang letra ng sagot sa iyong sagutang papel.

1. Kahapon, (A. sumayaw, B. sumasayaw, C. sasayaw) sila ng hip-hop.
2. Bukas, (A. kumanta, B. kumakanta, C. kakanta) sila ng makabagong awitin.
3. Sa mga oras na ito, (A. nanood, B. nanonood, C. manonood) si Roselle ng sine.
4. (A. Nagbigay, B. Nagbibibigay, C. Magbibigay) ako ng regalo sa mga pulubi sa darating na kaarawan ko.
5. (A. Nagsimba, B. Nagsisimba, C. Magsisimba) kami sa kamakalawa.

Gawain sa Pagkatuto Bilang 4: Tukuyin kung ang salitang kilos ay A. Pangnagdaan, B. Pangkasalukuyan, o C. Panghinaharap. Isulat ang letra ng sagot sa iyong sagutang papel.

1. Palagi akong nagsesepilyo bago matulog.
2. Kahapon ay natapos kong sagutan ang mga gawain sa modyul.
3. Maglalaro kami ng aking kapatid mamaya.
4. Naglilinis naman ako ngayon ng bahay.
5. Naligo na ako kaninang umaga.

E


Gawain sa Pagkatuto Bilang 5: Isulat ang salitang kilos na iyong gagamitin upang maging angkop sa pangungusap. Gamiting gabay ang halimbawa sa unang bilang. Isulat ang sagot sa iyong sagutang papel.

1. Ano ngayon ang isasagot ko sa tanong na ito? (sagot)
2. ____ kahapon si Heide nang maaga para magsimba. (bangon)
3. Bukas, ____ sila sa may talon. (pasyal)
4. ____ ang Bulkang Taal noong Enero 2020. (putok)
5. Sa susunod na pasukan, _____ ko na uli ang paborito kong guro. (kita)

A

Natutuhan mo sa araling ito ang pagtukoy at paggamit sa mga salitang kilos o **p _ n _ _ w a**.

Mayroon itong tatlong panahunan: pangnagdaan, pangkasalukuyan, at panghinaharap. Matutukoy mo ang mga ito sa tulong ng mga panandang salita.



Paggamit ng Salitang Kilos at Pagsunod sa Panuto


Aralin

WEEKS
5 - 6



Natutuhan mo sa nakaraang aralin ang tungkol sa pandiwa o salitang kilos. Natukoy mo at nagamit ang mga panahunang pangnagdaan, pangkasalukuyan, at panghinaharap.

Ngayon naman ay ipagpapatuloy mo ang paggamit ng salitang kilos upang magbahagi ng mga pangyayari sa iyong buhay. Ipakikilala rin sa iyo ang mga salitang ginagamit sa pagbibigay ng mga panuto.



Pagkatapos ng araling ito, inaasahang nakagagamit ka ng mga salitang kilos sa pagsasalaysay ng mga simpleng karanasan at sa pagbibigay ng mga panuto.

D

Natatandaan mo pa ba ang mga pangyayaring naganap sa iyong buhay? Kaya mo bang isalaysay ang mga iyon? Alam mo ba ang tawag sa mga ito?

Ang **karanasan** ay tumutukoy sa mga pangyayari sa iyong buhay na naganap o natapos na.



Masasabing ang mga nagawa, naisip, pati ang naamoy, nalasahan, nahawakan, nadama at narinig mo ay mapapasama na sa iyong karanasan.

Halimbawa, may tinulungan kang isang tao. Nagpasalamat siya sa iyo. Dahil dito, nakadama ka ng kakaibang saya sa iyong ginawa. Alam mo na ngayon ang pakiramdam ng nakatutulong sa iba at tapat na pinasasalamatan.


Sa pagsasalaysay mo ng mga simpleng karanasan at sa pagsunod sa panuto, madalas na gumagamit ka ng salitang kilos o pandiwa. Kung maaalala mo, tinatawag na pandiwang pangnagdaan ang tawag dito. Nangangahulugan na tapos na o naganap na.

Paano nga ba isinasalaysay ang isang simpleng karanasan? Basahin mo ang halimbawa sa ibaba.

Sa Aming Bakuran

“Napakaganda ng aking umaga,” wika ni Annie. Pumasyal ako kasama si Nanay Bing sa halamanan bago pa sumikat ang araw.

Nakita kong namumukadkad na ang bulaklak na rosas na itinanim namin noong isang buwan. Hinawakan ko ang bulaklak. Inilapit ko ito sa aking ilong. “Napakabango pala ng amoy ng rosas,” nasabi niya.



Diniligan ko rin ito upang mas maging maganda at malusog.

Tingnan muli ang mga salitang may salungguhit. Ang mga salitang pumasyal, nakita, itinanim, inilapit, nasabi, at diniligan ay mga kilos na naganap na.

Nagkakaroon ka rin ng karanasan mula sa pagsunod sa mga panuto. Kapag sinabing panuto, maiuugnay ito sa direksyon o mga hakbang upang magawa ang isang bagay. Upang maging mas malinaw, gumagamit tayo ng mga salita na nagsasaad

ng pagkakasunod-sunod ng mga dapat gawin. Ang hindi pagsasagawa ng isang hakbang ay magdudulot ng pagkakamali. Sa huli, maaaring hindi matamo ang nais na mangyari, maganap, o magawa.

Basahin ang halimbawa sa ibaba na hango sa kuwentong nasa Pahina 24.

Ano-ano nga ba ang panutong sinunod ni Annie?



Una, pumunta o pumasyal sa halamanan. Ikalawa, maghanap ng bulaklak. Ikatlo, ilapit ang ilong dito pero huwag pipitasin. Sunod, amuyin ang bulaklak. Panghuli, diligan ang halaman.

Sa araw-araw mong karanasan ay may mga panuto kang sinusunod. Maaaring hindi mo lamang ito napapansin. Halimbawa nito ay ang ginagawa mo pagkagising.

Pagkagising ay una mong ginagawa na iligpit ang iyong hinigaan. Pangalawa ay nagsesepilyo at nag-aayos ng sarili. Pangatlo ay kakain ka ng agahan. Maaaring maiba ito ayon sa iyong nakasanayan.

Mahalaga rin ang pagsunod sa mga panuto sa pagluluto. Marunong ka na bang magsaing ng bigas? Mainam na habang bata ka pa ay marunong ka na nito. Tingnan ang mga panuto sa ibaba.

Pagsasaing ng Bigas

Mga Panuto:

- A. Panghuli, hinaan ang apoy upang main-in ang kanin.
- B. Pangatlo, hugasan ng hanggang dalawang beses ang bigas gamit ang malinis na tubig.
- C. Pagkatapos, isalang ang lutuan sa kalan at hayaan itong kumulo.
- D. Una, linisin ang bigas upang tanggalin ang mga maliliit na bato o ano mang dumi.
- E. Sumunod ay lagyan ng tubig ayon sa dami ng bigas.
- F. Pangalawa, ilagay sa kaldero o lutuan ang bigas.

Makikita na ang may salungguhit ay mga salitang kilos. Ang mga may bilog naman ay mga salitang pananda ng pagkakasunod-sunod.

Napansin mo bang hindi sila nakaayos nang tama? Ano kaya ang mangyayari sa sinaing kung ito ang susundin? Malamang walang malulutong kanin. Ang tamang pagkakasunod-sunod ay: **D, F, B, E, C, A.**

Ngayon naman ay subukin mo ang iyong kakayahan sa tulong ng mga gawain.

Gawain sa Pagkatuto Bilang 1: Piliin ang letra ng dapat na kasunod na gagawin. Isulat ang sagot sa iyong sagutang papel.

Paliligo

1. Basain ang buong katawan.
2. Magsabon at mag-shampoo.
3. _____

A. Magbanlaw B. Maghilod C. Magsepilyo



Panonood ng balita

1. Basahin ang ulo ng balita.
2. Pakinggan ang sinasabi ng reporter.
3. _____

- A. Takpan na ang TV.
B. Hintayin ang iba pang balita.
C. Tingnan ang suot ng reporter.



Kapag nasa loob ng silid-aralan

1. Pakinggang mabuti ang sinasabi ng guro.
2. Hintayin kung may itatanong o ipagagawa ang guro.
3. _____

- A. Makipag-usap sa katabi
B. Matulog C. Itaas ang kamay bago sumagot



Gawain sa Pagkatuto Bilang 2: Piliin ang kilos na HINDI dapat gawin sa susunod na sitwasyon. Isulat ang letra ng tamang sagot sa iyong sagutang papel.

1. Pagsagot sa mga gawain sa modyul
 - A. Gumawa nang tahimik.
 - B. Magpatulong kung kinakailangan.
 - C. Ipagawa sa nanay.
2. Pagkain ng hapunan
 - A. Magpasalamat sa biyaya.
 - B. Kunin ang ulam ng katabi.
 - C. Magdahan-dahan sa pagnguya.
3. Bago matulog
 - A. Kumain ng kendi
 - B. Magsepilyo
 - C. Magdasal

Gawain sa Pagkatuto Bilang 3: Lagyan ng tsek (✓) kung ang may salungguhit ay salitang pananda sa pagkakasunod-sunod ng hakbang sa panuto. Lagyan naman ng ekis (X) kung hindi ito pananda. Gawin ito sa iyong sagutang papel.

- _____ 1. Una ay basain ang kamay gamit ang tubig.
- _____ 2. Pangalawa, lagyan ng sabon ang kamay.
- _____ 3. Susunod ay kuskusing mabuti ang kamay.
- _____ 4. Pagkatapos ay banlawan ng tubig ang kamay.
- _____ 5. Panghuli ay patuyuin ang kamay gamit ang malinis na tela.


E

Gawain sa Pagkatuto Bilang 4: Sa tulong at pamamamagitan ng iyong magulang, tagapangalaga o kasapi sa bahay, sumulat ng maikling talata na nagsasalaysay ng iyong karanasan sa pagsunod sa panuto. Salungguhitan ang salitang kilos. Bilugan ang salitang pananda ng pagkakasunod. . Gawin ito sa iyong sagutang papel .

A

Natutuhan mo sa araling ito ang paggamit ng salitang kilos sa pagsasalaysay ng k _ r _ _ a _ a n.

Nakilala mo rin ang mga salitang pananda ng pagkakasunod-sunod ng mga panuto o hakbang.



Paggamit ng mga Ekspresyon sa Pagsasaad ng Nararapat, ng Pag-asa, at ng Paghiling

Aralin

WEEK
7

Natutuhan mo sa nakaraang aralin ang tungkol sa paggamit ng mga salitang kilos sa pagsasalaysay ng mga karanasan. Natutuhan mo rin ang mga panandang salita sa pagkakasunod-sunod ng mga panuto.

Ngayon naman ay pag-aaralan mo ang mga ekspresyon na akma sa iyong edad. Ipakikilala sa iyo ang mga halimbawa nito. Magagamit mo ang mga ito sa pagsasaad ng nararapat, ng pag-asa, at ng hiling.



Pagkatapos ng araling ito, inaasahang nakagagamit ka ng mga ekspresyong akma sa iyong baitang sa pagsasaad ng nararapat, ng pag-asa, at ng hiling.

D

Nakikipag-usap ka ba sa mga kasama mo sa bahay? Ano-ano ang madalas mong sinasabi?

Ang **ekspresyon** ay tumutukoy sa mga salita o pahayag na sinasabi o isinasawika mula sa nasa isip o damdamin.



May mga salita, parirala o ekspresyon kang ginagamit sa iba't ibang uri ng pagpapahayag. Sa ganitong paraan, malalaman kaagad ng kausap mo kung ano ang nais mong sabihin o ibahagi.

Halimbawa, kapag umaasam o umaasa ka ng isang bagay, ganito ang maaari mong gamitin:

- Sana ay magkita tayong muli.
- Lubos akong umaasa na matututo ako sa tulong ng aking mga guro at mga magulang.



- Naniniwala ako na may lunas sa COVID-19.
- Kung maaari ay manatili sa bahay upang hindi mahawa.
- Inaasam ko na manatili ang pagmamahalan sa aming pamilya.

Sa pagpapahayag naman ng hiling o nais mong magkaroon ng katuparan, narito ang ilang halimbawa:



- Hinihiling ko na manatiling malusog.
- Nawa ay magtulungan ang lahat.
- Harinawa ay gumaling na ang mga may sakit.
- Hangad ko po na matapos na ang pandemya.

Maaaring gamitin sa parehong pag-asa at hiling ang ilan sa mga salitang nabanggit. Sa mga bagay-bagay na kailangang nasusunod, naipatatutupad o nangyayari, gumagamit naman ng mga salitang gaya ng kailangan, nararapat, dapat, at tama lamang. Halimbawa:



- Kailangang palaging maghugas ng kamay upang hindi kumapit ang virus.
- Nararapat na isipin at isapuso ang pagmamahal sa magulang.
- Dapat na mag-impok upang may magamit sa oras ng kagipitan.
- Tama lamang na unahin ang pag-aaral.

Gawain sa Pagkatuto Bilang 1: Lagyan ng tsek (✓) kung ang mga salita ay ginagamit sa pagpapahayag ng nararapat, ng pag-asa o ng hiling. Lagyan naman ng ekis (X) kung hindi ito maituturing na halimbawa. Gawin ito sa iyong sagutang papel.

- _____ 1. Hangad ko na
- _____ 2. Nararapat na
- _____ 3. Natatakot ako na
- _____ 4. Dapat na
- _____ 5. Lubos akong umaasa na

Gawain sa Pagkatuto Bilang 2: Tukuyin kung ang may salungguhit ay ekspresyong nagsasaad ng A. nararapat, B. pag-asa, o C. hiling. Isulat ang letra ng sagot sa iyong sagutang papel.

- 1. Dapat tayong sumunod sa batas at patakaran.
- 2. Kailangang maging masipag at matiyaga sa pag-aaral.
- 3. Hinihiling ko na makapamasyal sa aking kaarawan.
- 4. Lubos akong umaasa na makakapagtapos ako ng pag-aaral.
- 5. Nawa ay maging mabisa ang bakuna sa paglaban sa virus.

E

Gawain sa Pagkatuto Bilang 3: Piliin mula sa kahon ang wastong ekspresyon na bubuo sa pangungusap. Isulat ang letra ng sagot sa iyong sagutang papel.

- | | |
|---------------------|---------------|
| A. Kung maaari sana | D. Harinawa |
| B. Kailangang | E. Nararapat |
| C. Hinihiling kong | F. Masaya ako |

1. _____ kumain tayo ng masusustansiyang pagkain.
2. _____ ay matupad ang dasal ko.
3. _____ maging masaya ang lahat.
4. _____ ay ikaw muna ang maghugas ng pinagkainan ngayon.
5. _____ na igalang at sundin ang mga tuntunin sa bahay.

A

Natutuhan mo sa araling ito ang pagamit ng mga salitang nagsasaad ng nararapat, ng pag-asa, at ng hiling. Ang tawag sa mga ito ay **E _ s _ r e _ y _ n**. Magagamit mo ang mga ito sa pagpapahayag ng nais mong sabihin.



Angkop na Paraan ng Pakikipag-usap
ayon sa Pakay, Kausap, at Paksa

Aralin

I

Natutuhan mo sa nakaraang aralin ang tungkol sa mga ekspresyon o salita na nagsasaad ng nararapat, ng pag-asa, at ng hiling.


Ngayon naman ay pag-aaralan mo kung paano makikipag-usap nang maayos. Ipakikilala sa iyo ang mga pakay o layunin sa pagsasalita. Bibigyan ka rin ng mga halimbawa ng paraan sa pakikipag-usap ayon sa iyong kausap at sa paksang pinag-uusapan.



Pagkatapos ng araling ito, inaasahang natutukoy mo ang angkop na paraan ng pakikipag-usap ayon sa pakay, kausap, at paksang pinag-uusapan.

D

Paano ka ba nakikipag-usap? Sino-sino ang madalas mong kausap? Bakit mo ito ginagawa at ano ang madalas ninyong pag-usapan?



Ang **pakikipag-usap** ay paraan ng paghahatid at pagtanggap ng mensahe. Ito ay maaaring pasalita, pasulat o sa paraang kilos.

Mahalaga ang pakikipag-ugnayan sa kapwa. Ang pakikipag-usap ay susi sa pagkakaunawaan. Sa pagpaparating mo sa kapwa ng iyong naiisip o nais sabihin, magiging malinaw ang mensahe. Magkakaroon kayo nang maayos na pagsasamahan.

Iba't ibang uri ng tao ang iyong nakakausap. Ilan sa mga ito ay ang sumusunod:



Nakilala mo ba kung sino-sino sila? Sila ang iyong nanay, tatay, kapatid, guro, taong may kapansanan, namamalimos, kaibigan, at kamag-aral. Malamang ay nagkaroon ka na ng pagkakataong makausap ang ilan sa kanila.

Paano ka nga ba nakikipag-usap sa kanila? Mahalagang tandaan ang mga sumusunod:

- Magkaroon ng kaalaman sa paksang pinag-uusapan.
- Maging malinaw sa pakay o layunin sa pakikipag-usap.
- Ipadama ang paggalang gamit ang po at opo. Maging malumanay sa pagsasalita.



Sa bawat pakikipag-usap ay nararapat na mayroon kang pakay o layunin. Karaniwang ito ay:



1. Magbigay ng impormasyon o magbahagi ng kaalaman.
2. Mangalap ng impormasyon o magkaroon ng bagong kaalaman.

Minsan ay nakabatay ang pakikipag-usap ayon sa kung sino ang kausap. Maaaring mas pormal ang pakikipag-usap sa nakatatanda. Maaaring hindi gaanong pormal kung ka-edad o kaibigan.



Nagbabago rin ang nabanggit depende sa paksang pinag-uusapan. Halimbawa, kung ang usapan ay tungkol sa mga aralin na itinuturo ng guro o magulang. Mas pormal ang paraang ginagamit. Kung tungkol naman sa mga hiig ang pinag-uusapan, malamang na masaya kayong nagbibiruan.

Gawain sa Pagkatuto Bilang 1: Lagyan ng tsek (✓) kung ang pahayag ay angkop sa pakikipag-usap. Lagyan naman ng ekis (X) kung hindi ito angkop. Gawin ito sa iyong sagutang papel.

- _____ 1. Maging magalang sa pakikipag-usap.
- _____ 2. Huwag sumagot kapag tinatanong.
- _____ 3. Magsalita nang maayos kapag kausap ang guro.
- _____ 4. Humingi ng paumanhin kung nagkamali.
- _____ 5. Unawain ang pinag-uusapan.

E

Gawain sa Pagkatuto Bilang 2: Tukuyin kung sino-sino sa mga bata ang nakagawa ng angkop na pakikipag-usap. Isulat ang letra ng sagot sa iyong sagutang papel.

- A. Sinabi ni Elisa sa kaniyang Ate Mara “Maari ko po bang hiramín ang lapis mo?”
- B. Sinabi ni Joseph sa kaniyang mga magulang na “Maraming salamat po sa inyong regalo. Mahal ko po kayo.”
- C. Natabig ni George ang baso. Saad niya “Kasalanan mo iyan. Hindi mo hinawakan.”
- D. May naghahanap sa nanay ni Dahlia. Tinanong niya, “Sino po sila?” Ano po ang maitutulong ko?”
- E. Sinabi ni Aldrin “Patawad po, hindi na po mauulit.

A

Natutuhan mo sa araling ito ang angkop na pamamaraan ng **pakikipag- __ s __ p**.

Naunawaan mo na dapat magkaroon ng layunin o pakay. Maging maayos at magalang sino man ang iyong kausap.





Susi sa Pagwawasto

Weeks 1-2		
5. C 4. B 3. A 2. A 1. B Gawain sa Pagkatuto 1	5. TG 4. TH 3. TG 2. TH 1. B Gawain sa Pagkatuto 2	5. B 4. B 3. A 2. A 1. B Gawain sa Pagkatuto 3

Weeks 3-4				
5. / 4. X 3. / 2. / 1. / Gawain sa Pagkatuto 2	5. / 4. X 3. / 2. / 1. / Gawain sa Pagkatuto 2	4. C 3. B 2. C 1. A Gawain sa Pagkatuto 3	4. B 3. C 2. A 1. B Gawain sa Pagkatuto 4	5. makikita 4. punutok 3. papasyal 2. bumangon 1. isasagot Gawain sa Pagkatuto 5

Weeks 5-6		
5. / 4. / 3. / 2. / 1. / Gawain sa Pagkatuto 3	5. / 4. / 3. / 2. / 1. / Gawain sa Pagkatuto 3	5. / 4. / 3. / 2. / 1. / Gawain sa Pagkatuto 3

Week 7		
5. E 4. A 3. C 2. D 1. B Gawain sa Pagkatuto 3	5. B/C 4. B 3. C 2. A 1. A Gawain sa Pagkatuto 2	5. / 4. / 3. X 2. / 1. / Gawain sa Pagkatuto 1

Week 8	
5. / 4. / 3. / 2. X 1. / Gawain sa Pagkatuto 1	E D B A Gawain sa Pagkatuto 2

Personal na Pagtatasa sa Lebel ng Performans para sa Mag-aaral

Pumili ng isa sa mga simbolo sa ibaba na kakatawan sa iyong naging karanasan sa pagsasagawa ng mga gawain. Ilagay ito sa Hanay ng LP o Lebel ng Performans. Basahin ang deskripsiyon bilang gabay sa iyong pagpili.



- ★ -Nagawa ko nang mahusay. Hindi ako nahirapan sa pagsasagawa nito. Higit na nakatulong ang gawain upang matutuhan ko ang aralin.
- ✓ -Nagawa ko nang maayos. Nahirapan ako nang bahagya sa pagsasagawa nito. Nakatulong ang gawain upang matutuhan ko ang aralin.
- ? -Hindi ko nagawa o nahirapan ako nang labis sa pagsasagawa nito. Hindi ko naunawaan ang hinihingi sa gawain. Kailangan ko pa ng paglilinaw o dagdag kaalaman upang magawa ko ito nang maayos o mahusay.

Gawain sa Pagkatuto

Week 1	LP	Week 2	LP	Week 3	LP	Week 4	LP
Gawain sa Pagkatuto Blg. 1		Gawain sa Pagkatuto Blg. 1		Gawain sa Pagkatuto Blg. 1		Gawain sa Pagkatuto Blg. 1	
Gawain sa Pagkatuto Blg. 2		Gawain sa Pagkatuto Blg. 2		Gawain sa Pagkatuto Blg. 2		Gawain sa Pagkatuto Blg. 2	
Gawain sa Pagkatuto Blg. 3		Gawain sa Pagkatuto Blg. 3		Gawain sa Pagkatuto Blg. 3		Gawain sa Pagkatuto Blg. 3	
Gawain sa Pagkatuto Blg. 4		Gawain sa Pagkatuto Blg. 4		Gawain sa Pagkatuto Blg. 4		Gawain sa Pagkatuto Blg. 4	
Gawain sa Pagkatuto Blg. 5		Gawain sa Pagkatuto Blg. 5		Gawain sa Pagkatuto Blg. 5		Gawain sa Pagkatuto Blg. 5	
Gawain sa Pagkatuto Blg. 6		Gawain sa Pagkatuto Blg. 6		Gawain sa Pagkatuto Blg. 6		Gawain sa Pagkatuto Blg. 6	
Gawain sa Pagkatuto Blg. 7		Gawain sa Pagkatuto Blg. 7		Gawain sa Pagkatuto Blg. 7		Gawain sa Pagkatuto Blg. 7	
Gawain sa Pagkatuto Blg. 8		Gawain sa Pagkatuto Blg. 8		Gawain sa Pagkatuto Blg. 8		Gawain sa Pagkatuto Blg. 8	

Week 5	LP	Week 6	LP	Week 7	LP	Week 8	LP
Gawain sa Pagkatuto Blg. 1		Gawain sa Pagkatuto Blg. 1		Gawain sa Pagkatuto Blg. 1		Gawain sa Pagkatuto Blg. 1	
Gawain sa Pagkatuto Blg. 2		Gawain sa Pagkatuto Blg. 2		Gawain sa Pagkatuto Blg. 2		Gawain sa Pagkatuto Blg. 2	
Gawain sa Pagkatuto Blg. 3		Gawain sa Pagkatuto Blg. 3		Gawain sa Pagkatuto Blg. 3		Gawain sa Pagkatuto Blg. 3	
Gawain sa Pagkatuto Blg. 4		Gawain sa Pagkatuto Blg. 4		Gawain sa Pagkatuto Blg. 4		Gawain sa Pagkatuto Blg. 4	
Gawain sa Pagkatuto Blg. 5		Gawain sa Pagkatuto Blg. 5		Gawain sa Pagkatuto Blg. 5		Gawain sa Pagkatuto Blg. 5	
Gawain sa Pagkatuto Blg. 6		Gawain sa Pagkatuto Blg. 6		Gawain sa Pagkatuto Blg. 6		Gawain sa Pagkatuto Blg. 6	
Gawain sa Pagkatuto Blg. 7		Gawain sa Pagkatuto Blg. 7		Gawain sa Pagkatuto Blg. 7		Gawain sa Pagkatuto Blg. 7	
Gawain sa Pagkatuto Blg. 8		Gawain sa Pagkatuto Blg. 8		Gawain sa Pagkatuto Blg. 8		Gawain sa Pagkatuto Blg. 8	


Paalala: Magkaparehong sagot ang ilalagay sa LP o Lebel ng Performans sa mga gawaing nakatakda ng higit sa isang linggo o week. Halimbawa: Ang aralin ay para sa Weeks 1-2, lalagyan ang hanay ng Week 1 at Week 2 ng magkaparehong ★, ✓, ?.



References

Department of Education. (2020). *K to 12 Most Essential Learning Competencies with Corresponding CG Codes*. Pasig City: Department of Education Curriculum and Instruction Strand.

Department of Education Region 4A CALABARZON. (2020). *PIVOT 4A Budget of Work in all Learning Areas in Key Stages 1-4: Version 2.0*. Cainta, Rizal: Department of Education Region 4A CALABARZON.



Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:

Department of Education Region 4A CALABARZON

Office Address: Gate 2, Karangalan Village, Cainta, Rizal

Landline: 02-8682-5773, locals 420/421

<https://tinyurl.com/Concerns-on-PIVOT4A-SLMs>

